

TULONG SA KAWALAN NG TRABAHO SA PANDEMYA

ANO ANG TULONG SA KAWALAN NG TRABAHO SA PANDEMYA?

Ang programang Tulong sa Kawalan ng Trabaho sa Pandemya o Pandemic Unemployment Assistance (PUA) ay nagbibigay ng pansamantalang benepisyo sa mga manggagawa (kabilang ang mga may sariling hanapbuhay, independiyenteng kontratista, at gig workers) na nawalan ng trabaho dahil sa ilang mga kadahilanang kaugnay sa COVID-19. Sa pangkalahatan, nagbibigay ito ng hanggang 39 na linggong benepisyo sa kawalan ng trabaho.

Noong Marso 27, 2020, isinabatas ng Pangulo ang Batas sa Tulong, Panaklolo, at Pang-ekonomiyang Seguridad sa Coronavirus o Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security (CARES) Act ng 2020. Nilikha ng Seksyon 2102 ng Batas sa CARES ang pansamantalang programa sa PUA. Pinangangasiwaan ng Kagarawan ng Paggawa ng Estados Unidos (U.S. Department of Labor) ang programa sa PUA, at isasauli sa mga estado ang nagugol na gastos sa pangangasiwa ng programa at pagbabayad ng benepisyo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang PUA, maaaring tingnan ang Sulat sa Programang Seguro sa Kawalan ng Trabaho o [Unemployment Insurance Program Letter \(UIPL\) Bilang 16-20](#).

PAANO AKO MAGING KWALIPIKADO?

Saklaw ng PUA	Hindi saklaw ng PUA
<ul style="list-style-type: none">• Ang mga taong walang karapat-dapat para sa, o nagamit ang lahat ng mga karapatan sa, regular na kabayaran sa kawalan ng trabaho o pinalawak na mga benepisyo sa ilalim ng pang-estado o pederal na batas o Emerhensiyang Kabayaran sa Kawalan ng Trabaho dahil sa Pandemya (PEUC, Emergency Unemployment Compensation)• Mga manggagawang may sariling hanapbuhay (kabilang ang mga independiyenteng kontratista at gig workers)• Mga manggagawang naghahanap ng part-time na trabaho• Ang mga taong hindi nakapagtrabaho nang sapat na tagal upang maging kwalipikado sa regular na kabayaran dahil sa kawalan ng trabaho.	<ul style="list-style-type: none">• Mga taong maaaring magtrabaho sa bahay na may bayad• Mga taong tumatanggap ng mga benepisyo sa bayad na pagliban sa trabaho (halimbawa, bayad na pagliban sa trabaho dahil sa sakit) <p>Tandaan: Maaaring may karapat-dapat ka kung ikaw ay nagtatrabaho nang mas kaunting oras kaysa noong bago sa pandemya, kahit pa ikaw ay tumatanggap ng bayad para sa pagtatrabaho sa bahay o mga benepisyo para sa mga pinababang oras na ito. Kung gayon, may karapat-dapat ka para sa benepisyong PUA binawasan ng halaga na iyong tinatanggap para sa trabahong iyon, ayon sa inilarawan sa 2o Kodigo ng Pederal na mga Regulasyon (CFR, Code of Federal Regulations) 625.13.</p>

Sa pangkalahatan, saklaw ng PUA ang mga taong kaya, at maaaring, magtrabaho ayon sa naintindihan ng batas sa kabayaran sa kawalan ng trabaho ng iyong estado, kung maliban ikaw ay walang trabaho, bahagiang walang trabaho, o hindi kaya/hindi maaaring magtrabaho sa isa sa mga sitwasyong ito:

- Ikaw ay nasuri na may COVID-19 o nakararanas ng mga sintomas ng COVID-19 at sinusubukang masuri;
- Ang isang miyembro ng iyong sambahayan ay nasuri na may COVID-19;
- Ikaw ay nag-aalaga ng isang miyembro ng pamilya o miyembro ng sambahayan na nasuri na may COVID-19;

- Dapat mong pangalagaan ang isang bata o ibang tao sa iyong sambahayan kung saan ikaw ay may pangunahing responsibilidad sa pangangalaga dahil ang kaniyang paaralan o pasilidad ng pangangalaga ay sarado dahil sa COVID-19 emerhensiya sa kasulugan ng publiko, na pinipigilan ka sa pagtrabaho;
- Hindi mo marating ang iyong lugar ng trabaho dahil sa kuwarantenang iniutos ng pamahalaan dahil sa COVID-19;
- Hindi mo marating ang iyong lugar ng trabaho dahil sa payo ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na gawin ang sariling-kuwarantina dahil sa COVID-19;
- Ikaw ay nakatakdang magsimula ng trabaho at wala kang trabaho o hindi marating ang trabaho bilang direktang resulta ng COVID-19 emerhensiya sa kasulugan ng publiko;
- Ikaw ay naging breadwinner o pangunahing tagasuporta ng isang sambahayan dahil ang pinuno ng sambahayan ay namatay bilang direktang resulta ng COVID-19;
- Kinailangan mong umalis sa trabaho bilang direktang resulta ng COVID-19;
- Ang iyong lugar ng trabaho ay nagsara bilang direktang resulta ng COVID-19 emerhensiya sa kasulugan ng publiko; o
- Nagtatrabaho ka bilang isang independiyenteng kontratista at ang emerhensiya sa pampublikong kalusugan na COVID-19 ay malubhang nilimitahan ang iyong kakayahan na magpatuloy na isagawa ang iyong karaniwang gawain sa trabaho, na nagpipilit sa iyo na itigil ang naturang mga gawain.

Naaangkop ang mga regulasyon ([20 CFR Bahagi 625](#)) ng Tulong sa Kawalan ng Trabaho sa Sakuna sa programang PUA, maliban kung hindi isinaad sa Seksyon 2102 ng Batas sa CARES, o hanggang sa may pagkakaiba sa pagitan ng Seksyon 2102 at 20 CFR Bahagi 625.

PAANO AKO MAGSAMPA NG KAHILINGAN?

Upang tumanggap ng mga benepisyo sa PUA, dapat kang magsampa ng kahilingan sa estado kung saan ka nagtrabaho o may sariling hanapbuhay. Upang hanapin ang programa sa iyong estado at malaman kung paano at saan magsampa ng kahilingan, bumisita sa Tagahanap ng Serbisyo sa Seguro sa Kawalan ng Trabaho ([Unemployment Insurance Service Locator](#)). Kapag nagsampa ka ng kahilingan, kakailanganin ng ahensiya ng estado ang impormasyon tulad ng mga address at petsa ng nakaraang trabaho, pati na rin ang impormasyon tungkol sa iyong sariling hanapbuhay. Upang maiwasan ang pagkaantala, ibigay ang kumpleto at tamang impormasyon, partikular na ang kung paano ka nawalan ng trabaho, bahagiang nagtrabaho, o hindi kaya o hindi maaaring magtrabaho dahil sa mga kadahilanang kaugnay sa COVID-19.

KAILANGAN KO BANG KUMPLETUHIN ANG MGA SERTIPIKASYON SA PATULOY NA KAHILINGAN?

Dapat patuloy kang magsampa ng lingguhan o bawat dalawang linggo ng mga kahilingan para sa mga benepisyong PUA ayon sa mga tagubilin ng ahensiya ng iyong estado.

KAILANGAN KO BANG MAGBIGAY NG PATUNAY NG TRABAHO?

Dapat kang magbigay ng patunay (hal., mga pahayag ng sahod, pahayag ng buwis sa kita, mga pahayag ng banko, sulat sa alok ng trabaho) upang idokumento ang iyong trabaho o sariling hanapbuhay na naapektuhan ng COVID-19 o upang idokumento ang trabahong dapat nagsimula sa petsa o pagkatapos ng petsa kung kailan naapektuhan ng COVID-19 ang iyong katayuan sa trabaho. Dapat mong sundan ang naaangkop na mga kinakailangan ng estado para sa pagsumite ng kinakailangang dokumentasyon.



MATATANGGAP KO BA ANG \$600 NA SUPPLEMENTONG BAYAD PARA SA PEDERAL NA KABAYARAN SA KAWALAN NG TRABAHO SA PANDEMYA?

Kung ikaw ay karapat-dapat na tumanggap ng mga benepisyo sa PUA nang isang linggo, makatatanggap ka rin ng dagdag na \$600 na suplementong bayad sa ilalim ng programa sa Pederal na Kabayaran sa Kawalan ng Trabaho sa Pandemya (FPUC, Federal Pandemic Unemployment Compensation). Babayaran lamang ng FPUC ang mga linggong walang trabaho simula sa o pagkatapos ng petsa kung kailan pumasok ang estado sa kasunduan sa FPUC kasama ng Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos. Hindi babayaran ng FPUC ang anumang linggong kawalan ng trabaho na pagkatapos ng Hulyo 31, 2020. Upang malaman ang higit pa, [mangyaring tingnan ang UIPL Bilang 15-20](#).

GAANO KATAGAL KO MATANGGAP ANG PUA AT MAGKANO ANG AKING MATATANGGAP?

Babayaran ng PUA ang nakaraang linggo sa karapat-dapat na mga indibiduwal para sa mga linggong nagsimula sa o pagkatapos ng Enero 27, 2020, at magtatapos sa o bago ang Disyembre 31, 2020. Makatatanggap ka ng mga benepisyo sa PUA nang hanggang 39 na linggo. Ang iyong halaga ng lingguhang benepisyo sa PUA ay kinakalkula sa ilalim ng mga panuntunan na nakabalangkas sa 20 CFR 625.6 at nadadagdagan ng \$600 na kabayaran sa FPUC. Kung ikaw ay may sarilign haanpbuhay o hindi nakapagtrabaho nang sapat na tagal upang maging kwalipikado para sa regular na kabayaran sa kawalan ng trabaho at ang iyong mga kita sa nakaraang taon ng buwis ay magresulta sa mas mababang halaga ng lingguhang benepisyo kaysa sa pinakamababa para sa mga benepisyo sa Tulong sa Kawalan ng Trabaho sa Sakuna na nakabalangkas sa UIPL No. 03-20, ang pinakamababang halaga na nakalista sa UIPL ang magiging iyong halagang lingguhang benepisyo.

ANO ANG DAPAT KONG GAWIN KUNG ANG AKING KAHILINGAN SA PUA AY TINANGGIHAN?

Maaari kang magsampa ng paghahabol sa iyong pagkatanggi ng mga benepisyo sa PUA sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin na ibinigay ng Estado sa iyong abiso ng pagtanggi.

